

# Prologue

Pumuno ang tili ni Fi sa kanyang sasakyan nang tapakan niya ang preno ng kotse. “Ano ba namang kamalasan ’to!” hindi na nakatiis na bulalas niya. Mabuti na lang, siya lang ang laman ng kotse niya.

Nang makahinga nang maluwag dahil buhay pa siya ay napatingin si Fi sa kanyang likuran at napaungol nang makitang nakatayo na sa labas ng kotse nito ang nabangga niya.

Bakit ba kung kailan ka nagmamadali ay saka ka nagkakandamalas-malas?

Siguro ay kasalanan din ng dalaga dahil hindi niya nilingong mabuti ang kanan niya bago iniatras ang kotse. Hayun tuloy, may nabangga pa siya ngayon.

At siyempre ay nanghihinayang din siya sa pinsala ng kanyang kotse, malamang sa malamang ay mahal ang paayos niyon. Ito pa man din ang nag-iisang bonggang iniregalo sa kanya ng mga magulang simula noong makapagtrabaho siya, na siyempre ay dinagdagan ni Fi ng sariling pera para makapili siya ng gusto niyang sasakyan.

“Malas,” nababanas na bulong niya bago lumabas ng kotse at nilapitan ang lalaking tila naiinip na sa tagal niyang lumabas.

Kahit nahihirapan sa heels ay hindi niya ipinahalata para magmukha naman siyang kagalanggalang na tao sa harap nito. Nakakahiya kasi na naka-amerikana pa ito, bagay na bagay sa malamig na klima ng Baguio. Well, in fairness sa lalaking nabangga ni Fi, guwapo ito.

“Sorry, *Manong*. Hindi ko po talaga sinasadya. Nagmamadali lang kasi ako. Sorry talaga. Ah... kailangan ko na rin palang umalis, male-late na kasi ako sa appointment ko. Ano, kunin ko na lang ang number mo para ma-contact kita para bayaran ang nagasgas ko sa kotse mo. Sorry talaga,” paghingi niya nang tawad.

Wala sa sariling napatingin si Fi sa oras. Magte-ten na at kailangan pa siyang maayusan. Malilintikan na siya kay Jody kapag nagkataon. Saka na niya iisipin ang gagastusin sa pagpapaayos ng kotse nito at kotse

niya, ang mahalaga ay hindi siya ang magiging sentro ng atensyon kapag nahuli siya.

“Anong modus ito?” Tila walang tiwalang tumitig pa ang estranghero sa kanya. Napansin siguro nito ang ginawa niyang pagtitig sa mukha nito dahil tila sumama ang timplada.

“Modus?” tanong niya. Hindi niya maintindihan kung nabagok ba ang ulo ng estranghero nang mabangga niya o siya ang nabagukan ng ulo.

“Miss, I have been in this situation thousand times already,” he exaggerated. “Alam ko na ’yang istilo mong ’yan. You want to get my number right? Well, aaminin kong ang style mo ang pinaka-unique sa lahat. Oh, no, I don’t even want to believe that innocent look anymore. Thank you na lang sa offer mo. I can repair my own car. Hindi ko na kailangan ng babae sa buhay ko.”

“Antipatiko,” hindi namalayang naibulalas ni Fi.

“What?!”

May gana pa yata itong magulat at magalit sa nasabi niya. Puwes, uunahan na niya itong maghurumentado dahil ngayon pa lang ay buwisit na buwisit na siya rito.

“Well, thank you! I don’t want to associate myself with idiots like you anyway. Mayroon naman na akong ipangpapaayos ng sasakyan ko, ayoko nang

madagdagan pa ng isa pang sasakyan ng mayabang na tulad mo. 'Bye!' Inismiran pa niya ito at binigyan ng matalim na tingin bago tumalikod. "Yabang, 'kala mo kung sinong artista. Mas guwapo pa rin naman ang mga bida ng '*A Little Thing Called Love*' at '*Cutting Edge*'."

"Wait."

Nagulat na nilingon ni Fi ang lalaki nang hawakan nito ang braso niya. Mabilis siyang pumiksi upang matanggal ang pagkakahawak nito ngunit nabigo siya.

"Ano?!" Pinanlakihan pa niya ng mga mata ang estranghero sa pag-aasam na matakot ito sa kanya.

"Give me your number. Para kapag sobrang mahal ng damage ng sasakyan ko ay papabayaran ko sa 'yo ang gastos," walang emosyong sabi nito.

Tinitigan ni Fi ang lalaki. Mukhang ito yata ang nabagukan at hindi siya. Akala ba niya ay ayaw nito ng pera niya? "Tapos ngayon ay gusto na nito? Hah! Buwisit talaga.

"Pagkatapos mong magyabang sa 'kin? Ayoko nga," immature na nasabi niya.

"So you're going to run away? Sa pagkakaalam ko ay illegal ang gagawin mo. May karapatan akong kasuhan ka lalo na at memoryado ko na ang plaka mo."

Her lips twitched on irritation. Bakit ba ang galing

mang-asar ng lalaking ito? Tama ang sinabi nito; maling takbuhan niya ito pagkatapos niyang manira ng gamit nito.

Kahit na nga nabubuwisit, hindi na lang siya sasagot. Nagmamadali siya at ayaw na niyang pakialaman ang kayabangan ng lalaki.

“Phone mo.” Naiiritang inilahad ni Fi ang kamay rito.

Mas lalong nadagdagan ang iritasyon niya nang imbis na ibigay sa kanya ay hinawakan lang nito ang aparato at umaktong ita-type ang sasabihin niyang numero. Naaasar na idinikta niya ang number niya habang patuloy na nilalait sa isip ang hinayupak.

Kung umasta kasi ay para siyang magnanakaw na mang-i-s snatch ng cell phone nito anumang oras.

“Okay na, di ba?” sarkastikong tanong niya. “Pakawalan mo na ako, puwede ba? Nagmamadali nga ako.”

“Pangalan,” walang emosyon pa ring sabi nito habang hawak-hawak pa rin ang kanyang braso.

Naaasar na siya na mismo ang nag-alis sa kamay ng lalaki. “Fi Castro. Sana hindi na kita makita,” dagdag na bulong pa niya bago pumasok sa kotse at ipinarada na nga ang sasakyan sa parking space na nakita niya kanina.

Kahit alam niyang nakatayo pa rin doon ang

lalaki at kahit na pagkalaki-laking kuryosidad ang pinupukaw nito sa kanya ay hindi niya ito nilingon. Iisa lang ang dahilan ni Fi: PRIDE.

Nakakaasar kasi talaga ito. Ayaw na ayaw pa man din niya sa mga mayayabang.

# Chapter One

“Jody!”

Napatiling niyakap ni Fi ang babae.

College friend niya ito at classmate, naging sobrang close sila dahil na rin kaagad silang nag-click. Sa katunayan nga ay ito ang best friend niya. Pero nang grumaduate na ito ay sa Pampanga ito namalagi kaya naman palagi niya itong nami-miss noon. Isa kasi ito sa mga confidante niya at pinakamagaling makinig sa mga problema niya.

Kahit na nga kakikita pa lang nila noong isang linggo para magsukat ng mga dress para sa kasal nito, nae-excite pa rin siyang makita ang kaibigan lalo na nga at ikakasal na ito ngayon.

“Fi! Himala, late ka ’ata ngayon,” natatawang biro ni Jody nang lumayo sa kanya. Halatang-halata ang kasiyahan nito ngayon hindi katulad nang mga nakaraang taon na tila nabubuhay na lang ito para sa anak.

“Ninang!” Tuwang-tuwang sumalubong naman sa kanya ang inaanak na si Joman. Hinalikan niya ang bata sa pisngi nang buhatin ito.

“Sweetie, huwag mo munang guluhin si Ninang, ha? Hindi pa kasi siya inaayusan. Siya pa man din ang maid of honor ko. Doon ka muna sa Papa, okay?” Masuyong ginulo ni Jody ang buhok ng anak.

“Blooming ang bride. Hindi ko akalaing ikaw ang unang ikakasal. Samantalang kami ni Lila ang lumalandi sa mga lalaki,” biro ni Fi pagkaalis ng paslit.

Ang panlalanding tinutukoy niya ay iyong tipong tumitingin lang sa mga guwapong lalaki pero hindi naman lalapitan.

Natatawang itinulak siya ng bride paupo sa tapat ng dresser nito kung saan naghihintay ang stylist na inupahan nito.

“Oh, bakit nga pala sambakol ang mukha mo nang pumasok ka dito? May nakaaway ka na naman ba?”

Tinaasan niya ang babae ng kilay. “Never pa akong may nakaaway, ha. Ikaw pa lang.”



“Naman. Hindi mo pa rin ’yon nakakalimutan? Grabe ka talagang magtanim ng sama ng loob. Oh, bakit nga kasi? Parang buwisit na buwisit kang kasal ko ngayon at ng best friend nating si Matt. Selos ka ’no?”

“Oo, nagseselos ako. Balak ko ngang agawin siya ngayon sa ’yo,” asik ni Fi. Pero agad ding bumawi. “Sira. Siyempre hindi ’yon. May mayabang kasi akong nakabanggaan. Napakayabang talaga, ang sarap sabunutan. Porque guwapo, ’kala mo kung sino na.”

“Hmm...” Nangingiting tinitigan siya ni Jody sa salamin.

“Hoy! Alam ko ’yang ngiting iyan. Hello! Nunca akong magkakagusto sa mga mayayabang na tulad ng lalaking ’yon. Alam mo naman ang mga type ko, hindi ba? At hindi na kaagad siya qualified.”

“Defensive ang lola.”

Gulat na tiningnan ni Fi sa salamin ang pinanggalingan ng boses. Nakita niyang nakatayo sa pinto sina Lila at Hellene, ang dalawang naging close rin niya sa college sa kursong Mass Communications.

“Guwapo talaga?” untag ni Lila. “Sino’ng kamukha?”

“Ha? Guwapo, pero pangit ang ugali. Ang gaspang.”

“Sino nga’ng kamukha?” Pinanlakihan pa siya nito

ng mata na ikinatawa nila Jody at Hellene.

“Hindi ko sure kung kilala n’yo, pero kahawig niya si Scott Speedman, iyong Michael sa *Underworld*. Minus the long hair, pati na rin pala ’yong ngiti. Hindi yata marunong ngumiti ang tuod na ’yon, eh. Puro ganitong ekspresyon lang ang kaya niya.” Umarte si Fi na walang emosyon at isa-isang tinitigan ang mga kaibigan.

“Yan ang nami-miss ko kay Fi kapag hindi natin siya nakikita, eh. Ang panlalait niyang Queen Level.” Si Hellene na pinipigil pa ang tawa.

“Hindi naman sa panlalait ha. Pero sinasabi ko lang ang nakikita ko. Hello, tama ba namang umastang ’kala mo ay planado kong magkakilala kami?! Duh! Hindi naman siya artista. Mas guwapo pa rin siyempre si Arnel, pati ugali n’un guwapo rin. Hindi katulad n’ung mamang iyon. Feeling niya ’ata siya lang ang nag-iisang lalaki rito sa mundo. Haller! Madami pa ring lalaki, kahit na nga ang proporsyon na ng male to female ay one to ten.”

“Easy, Fi. Baka pumangit ang maid of honor. Sige ka, ikaw ang magsisisi kapag hindi ka na nilandi ni Arnel mo. Isa pa, baka humaba na ’yang sungay mo sa kakalait ng kapwa mo,” natatawang awat sa kanya ni Jody.



Napasinga ng hangin sa ilong si Fi nang makitang malapit sa kanya ang lalaking nabangga niya.

Wala sana siyang balak humingi ng tawad dito dahil abot-langit pa rin ang asar niya rito. Ngunit dahil nga nasabihan siya ng kaibigan na baka kaibigan iyon ni Matt, ang groom na barkada rin niya, ay napagpasyahan na niyang patawarin ito ngayon—kahit na nga parati siyang nagtatanim ng sama ng loob.

Isang praktisadong ngiti ang ipinaskil ni Fi sa labi bago nilapitan ang lalaki. At nang lingunin siya nito at tingnan na para bang ipis siya na gusto nitong paslangin ay naisip niyang huwag na lang humingi ng tawad dito. Pero siyempre hindi niya puwedeng gawin iyon lalo na at nasa malapit lang sina Matt at Jody at naghihintay ng susunod niyang hakbang.

“Sorry nga pala kanina, Kuya. Hindi ko talaga sinasadya ang pagkakabangga sa sasakyan mo. Nagmamadali lang talaga ako. Hindi naman kasi ako madalas ma-late, ngayon lang. Nakalimutan ko kasing mag-hi-heels nga pala dito, kaya bumalik pa ako sa ‘min.” Isang pilit na ngiti pa ang ibinigay ni Fi rito.

Tinitigan siya ng estranghero. Pakiramdam niya ay isa siyang specimen sa isang experiment, gusto tuloy niya itong bigyan ng pamatay niyang talim ng tingin. Ngunit muli ay pinigil niya ang sariling gawin iyon at hinintay na lang itong magsalita.

“Hindi sadya ang pagkakabangga mo sa 'kin? Pero bakit ngayon ay kabaligtaran 'ata ng ikinikilos mo ang sinasabi mo. Sa tingin ko, gusto mo pa ring mapalapit sa 'kin,” malamig na sagot nito.

Nagngangalit ang mga ngipin na pinilit ni Fi na panatilihin ang ngiti sa mga labi habang sing-talim ng scalpel ang tinging ipinukol niya sa kaharap. Alam niyang nakatingin sa kanya ang dalawang kaibigan na bagong kasal kaya hindi siya gagawa ng eksena.

“Kung gusto kong mapalapit sa 'yo, sana sinobrahan ko na lang ang pagkakabangga ko sa 'yo para sa ospital ang direktso mo. Para naman may rason akong lalo kang malapitan. Hindi naman ako tanga. Kung totoo ngang may gusto ako sa 'yo gaya ng sabi mo ay hindi na rin kailangang banggain ko pa ang kotse mo. Sayang ang gastos sa pagpapagawa ng mga kotse natin. Mas maganda sigurong tinapunan ko na lang kita ng juice. Gaya nito.”

Akmang itatapon ni Fi ang juice sa lalaki ngunit napigilan siya nang maalalang nangako sa kaibigang si Jody na kapag nakita niya ang lalaki at naasar pa rin siya rito ay hindi siya gagawa ng kahit anong eksena. Isang ismid ang ibinigay niya rito at nag-akmang aalis na.

Gulat na nilingon niya ang lalaki nang hawakan nito ang kanyang braso. Bahagya tuloy tumapon ang juice sa kamay niya.

Pinandilatan ito ni Fi, pero parang hindi nito naintindihan ang sinasabi ng mata niya. Bagkus ay inabot ng isang kamay ng lalaki ang baso ng juice na hawak niya at uminom mula roon.

“Thank you sa juice. Sa susunod, huwag ka nang lalapit sa 'kin.” Binitawan nito ang kanyang palad ngunit siya naman ang umabot sa kamay nito.

“Huwag kang umasta na parang binili mo ang lugar na ito para magmagaling. Tandaan mo, kasal ito ng dalawa kong kaibigan, kaya magpasalamat ka at hindi ka pa napapahiya rito. Pero kapag nagkita ulit tayo at nagyabang ka na naman sa akin, humanda ka na. Hindi ka makakawala sa kamandag ng paghihiganti ko.”

Sarkastikong ngiti na ang nakapaskil sa kanyang mga labi. Kung puwede lang ay inangilan na talaga niya ito.

*Relax, Fi. Relax,* pagpapakalma niya sa sarili.

“Kahit ano'ng sabihin mo, iisa lang ang tingin ko sa 'yo. Gusto mo ako kaya binangga mo ang kotse ko. At gusto mong mapalapit sa 'kin kaya kung anu-anong kalokohan ang pinagsasabi mo. Empty threats. O baka ibig mong sabihing 'kamandag' ay 'yung magkakagusto ako sa 'yo? Well, I'll tell you now. Don't even dream of it. Hindi ang mga katulad mo ang magugustuhan ko.” Tila sarado ang utak na binigyan

pa siya nito ng walang emosyong tingin.

Kung puwede lang sigurong magbuga ng apoy ang kanyang mga mata ay sunog na ang lalaki sa sobrang kabuwisitan ni Fi rito. “Hindi ko alam na may mga tao pala talaga na makikitid ang utak. At black and white na ngang nakalatag sa kanila ang meaning ng mga words ay iba pa rin ang ginagawang interpretation. Well, I’ll tell you now,” gaya niya sa linya nito. “Don’t even dream of it. Hindi ang katulad mo ang magugustuhan ko. Ang mga type ko ay hindi katulad mong close-minded. Hindi katulad mong masyadong mataas ang tingin sa sarili na akala mo ay diyos. I’ll never fall for someone as strange as you.”

“Well, lady, as I said before, your action tells otherwise. Ipinapaalala ko lang, hawak mo pa rin ang kamay ko. So, now, you tell me na wala kang gusto sa ‘kin?” Itinaas pa nito ang baba na tila siguradong-sigurado sa sinasabi.

Namumula ang mukhang binitawan ni Fi ang kamay nito. Naikuyom niya ang mga kamao; pinagiisipan kung susuntukin ba niya ito sa pagiging mayabang o pagbibigyan muna dahil kasal ngayon ng kanyang kaibigan. Pero dahil umaabot na sa sukdulan ang pasensya niya ay mas gusto na niyang gawin ang una.

“I see you two met already. Gusto kong ipakilala ang lahat ng kakilala ko isa’t isa, lalo na sa mga

kabarkada ko, pero mahirap palang gawin 'yon kapag kasal mo. I'm glad na nagkakasundo kayo diyan."

*Saved by the bell ang loko, ah, sa isip-isip ni Fi nang lingunin si Matt na kasama si Jody. Parehong kakaiba ang ngiti ng mga ito na tila tuwang-tuwa sa pagkabuwisit niya sa lalaking ito. Oo nga pala, hindi ko pa alam ang pangalan niya. Pero wala akong balak alamin, she thought.*

Kahit tamaan siya ng kidlat, wala pa rin siyang pakialam sa pangalan nito. At hinding-hindi siya magkakainteres doon.

"Thanks sa concern, Jody, Matt," may pagkasarkastikong sabi ni Fi. "Maiwan ko na nga kayo. Kukuha pa ako ng pagkain. Sayang naman ang ibinayad n'yo kung hindi ko susulitin."

"Actually, hindi pa talaga kami nagkakakilala." Ang lalaki na gulat niyang nilingon.

Pinandilatan ito ni Fi. "Ayos na. Magkakilala na kami. Hindi na kailangang ipakilala pa *ulit*."

May saltik yata ang lalaking ito. Akala niya ba, ayaw nito sa kanya dahil iniisip nitong may gusto siya rito? Bakit ngayon ay gusto nitong magkakilala sila?

Ayaw niyang marinig maski pangalan man lang ng lintsak. Kinamayan niya ang bagong mag-asawa upang makuha ang atensyon ng mga ito.

"Congrats uli. Kakain na ako. Enjoy sa pag-

entertain ng bisita. Tutulong ako mamaya.”

Bago pa man may makaangal sa mga ito ay pumunta na si Fi sa buffet table at doon ay ibinuhos ang galit sa lalaking nakakabuwisit.



# Chapter Two

Busy si Fi sa pag-e-edit ng mga pinasang articles sa kanya. Deadline na kasi ng mga iyon sa makalawa at ayaw niyang may mali pa iyon kapag sinubmit niya sa head nila. Hindi naman sa madalas siyang nagkakamali. Mas gusto lang kasi niyang pulido ang bawat trabahong ginagawa niya. Iyon na rin kasi ang huling ipapasa niya sa Chief Editor nila, dahil nag-file na ito ng resignation sa kompanya nila.

“Busy na naman? Uy! Baka mahiya na ang mga corrections sa kaka-check mo diyan,” untag sa kanya ni Arnel na kaopisina niya.

Isa ito sa mga naging crush niya noong college, at ang crush niyang tumagal hanggang ngayon. Ahead

lang ito ng isang taon sa kanya kaya naman naging malapit pa rin siya rito. Siyempre with the help ng common friend nilang si Benny.

Nginitian niya ito nang sing-tamis ng honey. Hindi na siya magtataka kung may bubuyog mang umaligid sa kanila mamaya dahil sa ka-sweet-an nila. Para kasi sa kanya, ang simpleng pangungulit ng binata ay sweet na. Sa katunayan nga, sobra ang kanyang kilig kapag nilalapitan ito. Iniisip na lang niyang M.U. sila kaya mas pa ang kilig niya makita lang ito.

Tuloy ay wala na talaga siyang balak umalis sa lugar na iyon. Saan pa ba kasi makakakita si Fi ng kompanyang mayroong ganito kaguwapong inspiration? At hindi lang ito basta guwapo, mabait din at gentleman si Arnel—mga katangiang hinahanap ng mga babae sa isang lalaki.

“Tara, lunch. Kailangang may energy tayo kapag nag-edit na naman tayo. Mahirap na at baka hindi maganda ang maging impression sa ’tin ng papalit na Chief Editor,” yakag nito sa kanya.

Siyempre pa ay kinikilig na nagpakipot si Fi. “Mauna ka na, tapusin ko lang ito.”

Impit na ngiti ang kumawala sa kanyang mga labi nang agawin nito sa kanya ang papel na binabasa at maingat na hinila siya patayo. “That can wait. Kain na

muna tayo. Ang mga tiyan, hindi dapat ginugutom.” Nakangising kinurot pa ni Arnel ang pisngi niya. Hinampas ni Fi ang balikat ng officemate bilang ganti, dahil na rin siyempre sa nag-uumapaw niyang kilig sa kalambingan nito.

“Date na naman kayo?” tukso ng kaopisina nila nang makita silang sabay na namang lalabas.

Nakagawian na sa opisina nilang tuksuhin sila. Sila raw kasi ang official love team ng kompanya. Pero siyempre hindi totoo iyon at alam rin naman iyon ng mga heads nila. Wala ring impluwensya si Arnel sa dahilan kung bakit siya na-hire doon. Proud siyang sabihing natanggap siya dahil sa sariling determinasyong makapasok doon.

“Sira. Tara kain,” aya ni Fi rito.

Iyon ang gusto niya sa opisina nila, close silang lahat. Kahit nga ang Chief Editor nila ay napakabait kaya naging ka-close din nila. Pero ibang usapan na kapag trabaho na ang involved.

“Una na kayo. Ayokong makaabala sa date n’yo,” nakangising pagtataboy nito sa kanila.

Nangingiting nagkatitigan sila ni Arnel bago sabay na natawa. Hindi pa rin niya lubos na maisip na ganito ka-family like magtrabaho sa isang kompanya. Akala kasi ni Fi noon, madami siyang makakagalit sa unang araw, mali pala siya.

“Saan tayo kakain?” tanong niya habang naglalakad sila papuntang elevator.

“Hmm... sa tapat kaya?” anitong tinutukoy ang restaurant na may pinakamasarap na lutong-bahay.

“Doon na naman? Kakakain lang natin doon. Ang mahal pa. Dapat ’ata nagbabaon na lang ako, eh.” Napasimangot na angal niya. Oo nga at masarap ang luto roon, pero mahal pa rin iyon para sa kanya. Mas gugustuhin niyang kumain na lang sa mura at mag-ipon kaysa gumastos sa iisang meal na sobrang mahal.

Napahalakhak na inakbayan si Fi ng binata at kinurot ang magkabilaang pisngi niya na karaniwang ginagawa nito kapag naku-cute-an daw ito sa kanya.

“Ang kuripot mo talaga!” anito habang pisil ang mga pisngi niya.

Napahagigik na siniko ito ng dalaga.

“Ehem...” Sabay pa silang natigilan at napatingin sa bukas na elevator nang makitang nakatayo roon ang Chief Editor nilang si Pol.

Ngunit hindi dahil sa presensya nito at sa posisyon nila ni Arnel kaya nabigla si Fi nang husto, kundi sa kasama ng boss nila.

Walang iba kundi iyong antipatikong lalaki sa kasal nila Jody at Matt. Ang mayabang na lalaki na akala mo kung sinong tanging guwapong nilalang sa buong mundo. Hindi pa niya nakakalimutan na may

atraso ito sa kanya. Pero ano ang ginagawa nito sa opisina nila? At bakit tila magkasama ito at si Sir Pol?

“Tama na muna ang harutan, mga bata.” Si Pol na nangingiti sa kanila.

Umayos nga sila ng tayo at binati ito.

“Magandang hapon din. I see you’re out for lunch. Ah, siya nga pala. This is Dylan Castillo, your new Chief Editor. Dylan, sila Arnel Santos at Fi Castro, ang love team ng department. Kidding aside, dalawa sila sa mga isu-supervise mo.”

Gulat na napatitig lang si Fi, habang si Arnel ay nagawa pang makabati sa bago umano nilang boss.

“Pasensya na, Ar, Fi, ibini-brief ko na kasi si Dylan for the takeover. If you would excuse us,” patuloy ni Sir Pol.

Parang robot na napatango na lang siya.

Napansin niyang nakatitig din sa kanya ang lalaki na ngayon ay alam na niya ang pangalan. Nakakunot ang noo nito na tila nalilito na naasar bago sumunod kay Sir Pol. Sabagay, kailan ba ito hindi naasar simula nang makita niya ito? Halata namang allergic ang lalaki sa presensya niya. Ano ba ang bago?

Pero kahit na alam ng dalagang inis ito sa kanya at lalong buwisit siya rito, paano ba kakaharapin ni Fi ang suliraning nakalatag sa kanyang harapan? Malinaw na malinaw kasing ito na ang magiging boss nila. At

hindi lang simpleng superior dahil dito siya magreport kapag may deadline siya. At ibig sabihin lang niyon, parati na niya itong makakausap.

“Hey? Akala ko ba kakain tayo?” tila nalilitong untag ni Arnel. Siguro ay hindi ito sanay na bigla na lamang siyang mananahimik doon lalo na kapag magkasama sila.

“Huh? Ah... t-tara,” yakag niya rito na hinila pa ito papasok ng elevator.

Pinigilan man ni Fi ang sariling tingnan si Dylan ay nanaig ang kanyang curiosity. Ngunit parang gusto tuloy niyang magsising tumingin pa siya rito. Dahil malamig na tingin ang ipinukol nito sa kanya habang papalayo.

Pero kahit na malamig ang tingin nito ay hindi pa rin napigilan ang mainit na pagtibok ng kanyang puso. Bigla ay para siyang nahirapang huminga habang nakatitig dito. Laking pasasalamat niya nang sumara na ang pinto ng elevator.



Napakunot ang noo ni Fi nang mapansing kanina pa nakatitig sa kanya si Arnel habang kumakain sila.

“M-may dumi ba ako sa mukha?” naiilang na tanong niya rito. Nakakahiya kapag nagkataong may dumi nga siya sa mukha. Kanina pa naman din siya

kain nang kain.

Nangingiting umiling ito. “Hindi lang ako sanay na hindi ka nag-iingay. Kakaiba kasi ’yong hindi mo pag-iingay ngayon, hindi ’yong karaniwang nagsusungit mode ka. Ngayon, parang may malaking-malaki kang problema na kinakaharap. It’s as if you don’t want to share it with me. Come on, spit it out. Magkaibigan na rin naman tayo, di ba? Isa na nga ako sa mga immediate takbuhan mo kapag may tampuhan kayo sa pamilya mo, eh.”

Napangiti na rin tuloy si Fi. Oo nga, isa si Arnel sa mga naging malapit sa buhay niya at nakakaalam ng tungkol sa pamilya niya. Well, hindi naman talaga siya malihim na tao kaya karaniwan ay alam talaga ng malalapit sa kanya ang nangyayari sa buhay niya.

Kahit nga ang crushes ni Fi ay alam yata ng lahat; hindi na nga siya magtataka kung alam ni Arnel na crush niya ito, eh. Kahit na nga hindi niya sinabi iyon dito nang derecho ay malamang nalaman na nito iyon sa iba niyang kaibigan.

“Oh, hindi ka pa rin nagsasalita? Ano na ba kasi ’yon? May napatay ka na ba?” Natatawang sumubo ito.

“Mabilaukan ka sana,” nakaingos na sagot ni Fi. “Kung may mapapatay man ako, baka ikaw ang unahin ko. ’Yong Dylan Castillo na ba ang magiging boss natin? Parang bata ’ata siya, hindi ba?”

pagbubukas niya sa paksang kanina pa gumugulo sa kanyang isipan.

Napakunot-noo ang kasama. “Dapat na ba akong magselos niyan? Alam kong guwapo rin si Sir Dylan. Pero mas guwapo at mas bata naman ako sa kanya.”

“Sira. Ows? Mas bata ka ba talaga sa kanya? Oo nga pala, isang taon lang ang agwat natin ’no? Nakakalimutan ko na ’yon, akala ko halos magkasing-edad na lang kayo noong lalaking iyon. Anyway, mukhang mas matanda talaga ang lalaking iyon. Parang hindi pa ngumingiti kaya lalong mas nagmumukhang matanda.” Napaismid pa si Fi nang wala sa sarili.

Napansin niyang tumaas ang isang kilay ni Arnel na tila may ipinahihiwatig. “I remember our officemates saying that he was thirty years old already. Four years ang tanda niya sa ’kin, pero malaking achievement na maging chief editor sa ganoong edad. Ibig sabihin lang ay magaling talaga siya. I also heard na mas ginusto raw niyang lumipat sa department natin nang malamang nag-resign si Sir Pol. Mas gusto raw kasi niya talaga ang pag-e-edit ng news article kaysa fantasy novels and mangas. At ang s’abi pa nga ay kaya rin daw ’yun lumipat ay for the challenge of the job in the newspaper.”

“Wow! Kung ako mas gusto ko talaga sa novels and mangas. I tried to apply there pero dito ako



napunta,” humahangang bulalas ni Fi. Saka niya naalalang kaaway nga pala dapat ang tingin niya kay Dylan dahil sa ginawa nitong pagmamayabang at pang-aaway sa kanya. “Pero kahit na magaling siya ay hindi dapat siya nagmamagaling at nagyayabang sa harap ko. Kung umasta pa, parang ako ang mali sa ’ming dalawa. Hah! Asa siya. Ako ang tama,” matatag na sabi niya.

“You knew him?” tila nabiglang tanong ni Arnel.

“No!” mabilis na sagot ni Fi. Kahit ano pa ang sabihin ng mga tao, hindi niya tatanggaping kakilala niya ang lalaking antipatikong iyon. Wala siyang kakilalang ganoon kaantipatiko. “Nakita ko lang siya sa kasal nila Matt at Jody. You know that, hindi ba? ’Yong mga nine months ago na. Pero hindi ko siya kilala at ayaw ko na sana siyang makilala. Pero talagang mapaglaro ang tadhana, sheesh! Bakit pa kasi sa department natin napunta ’yong lalaking ’yon? Mukhang mainit pa man din ang dugo niya sa ’kin. Well, hindi ako magpapatalo sa init ng dugo niya, dahil ako, kumukulo ang dugo ko kapag nakikita siya. Sana hindi siya tumagal sa department at bumalik na lang sa dati niyang puwesto sa Novels And Mangas Department.”

Napatitig ang kaibigan sa kanya, tila naguguluhan kung ano ang tamang maramdamang emosyon sa pinagsasabi niya, ngunit sa huli ay natawa ito.

“Mukhang galit na galit ka sa kanya, ah. Gaano ba kasi kalaki ang atraso niya sa 'yo?”

Ikinuwento niya rito ang buong pangyayari habang tawa ito nang tawa. Pero hindi siya na-offend kahit parang siya ang pinagtatawanan ng lalaki. Sa katunayan nga ay gumaan ang pakiramdam niya sa pagsasabi rito ng kanyang nararamdaman.

Natutuwa si Fi na pinili niyang ilabas sa binata ang kanyang sama ng loob sa antipatikong bagong boss nila. At least, may kakampi siya. At gusto pa niyang mapangisi dahil iyon ay ang nag-iisang crush niya sa ngayon.

Nang makabalik sa opisina, naghiwalay na nga sila ni Arnel dahil kailangan daw nitong mag-CR. Kahit naman kasi sabay sila nito ay maghihiwalay rin sila kaagad dahil nasa magkabilang dulo ang kanilang mga mesa.

Nagulat pa si Fi nang pagdating sa kanyang puwesto ay naabutan niyang naghihintay sa mesa niya si Dylan.

Mabuti na lang pala at inagahan nilang bumalik dahil wala pa ang mga kasamahan, si Fi pa lang ang naroon. Nakakahiya kung makikita ng mga officemates niya ang anumang eksenang kanyang magagawa at buong buhay iyong pagsisisihan. Sa hitsura pa lang ng lalaki ay mukhang gusto siya nitong

pasakitan at hindi siya sigurado kung kakayanin niyang magkontrol ng sarili.

“Ano po’ng gusto n’yo, *Sir?*” sarkastiko ang tonong tanong niya na huminto sa paglalakad.

“So, ganito palang klase ng trabaho ang ginagawa mo.”

Napataas ang kilay ni Fi. Mukhang mali naman pala ang hinala niyang gusto siya nitong awayin. “Yes. Kung ang bayad sa pagpapagawa ng kotse ang gusto mong kunin ngayon, ibigay mo na lang ang resibo sa ’kin. Babayaran kita kapag pumasok ka na,” masungit niyang turan.

“Specialty mo pala talaga ang paglapit sa mga lalaki. Kailangan ko sigurong mag-ingat; mahirap na at baka dapuan ako ng kamandag mo. About the car, I’ll think about it,” anitong tumalikod na.

“Hold it, Mister Dylan Castillo. Hindi porque boss kita ay puwede mo na akong bastusin sa loob ng opisina. Sa pagkakaalam ko, disente ako kaya wala kang karapatang sabihing malandi ako. Ni hindi mo ako kilala para sabihin ’yan. Huwag kang magmagaling,” nanggagalaiting dakdak niya habang bumibilis ang kanyang paghinga. Totoo talagang kumukulo ang dugo niya kapag nagkikita sila ng buwisit.

Humarap ito sa kanya. “Wala na akong balak

baguhin ang opinion ko sa 'yo. Nakita ko na ang totoo mong kulay. Hindi mo na kailangang itago 'yon dahil basang-basa na kita. Kilalang-kilala ko na ang mga kauri mong mahilig lumapit sa mga lalaki. And by the way, I didn't even say na malandi ka, you just assumed that. Defensive, huh?" May pang-uuyam sa tono ng kaharap.

Bumuntong-hininga si Fi bago ito binigyan ng matinding suntok sa sikmura. Kapwa sila napahiyaw sa kanya-kanyang sakit na natamo nila.

"Get out of my face. Kung naririto ka lang para bastusin ako, lumayo ka sa harap ko. I'll just see you when it is needed. Don't worry, I'm professional. Kaya kong humarap pa rin sa 'yo kahit na kinakasuklaman kita. Now, get outta here," sambit niya sa pagitan ng kanyang mga ngipin nang bahagyang humupa ang sakit sa kanyang kamao.

Walang pakialam si Fi kahit nasaktan siya physically, dahil walang mas titindi sa nararamdaman niyang sakit emotionally. Nagpasalamat siya nang lihim dito nang walang sabing umalis nga si Dylan.

Hindi na niya ito sinundan ng tingin, bagkus ay nahahapong napaupo sa silya niya pagkatapos ay isinubsob ang mukha sa kanyang palad. Wala pang isang segundo ay sunud-sunod na ang tulo ng luha mula sa kanyang mga mata.

Paanong kaya ng iisang tao na saktan siya nang sobra-sobra emotionally? Ni hindi nga sila magkakilala ng Dylan na iyon. Oo at alam niya ang pangalan nito at nakita na niya ito nang ilang beses, pero hindi fair na kaya siya nitong saktan nang ganoon katindi.

It was so unfair of him to judge her. At mas lalong hindi tamang may pakialam si Fi sa mga sinasabi nito, o masaktan siya sa bawat salitang binibitawan nito. Ni hindi niya ito kaibigan, bakit niya kailangang masaktan?

Pero kahit ano ang sabihin ng dalaga sa sarili ay patuloy pa rin ang pag-agos ng kanyang luha at ang pananakit ng puso. Isang imposibleng hiling ang nagsusumigaw sa kanyang utak, na sana ay hindi na niya makasalubong pa si Dylan para hindi na siya nito masaktan pa.

# Chapter Three

Mukhang hindi talaga kayang ibigay ng Diyos ang hiling ni Fi. Nagdalawang-isip tuloy siya kung dederecho na sa loob ng building para makasabay si Dylan ngunit bago pa siya makapagdesisyon ay napansin niyang nakita na siya ng lalaki. Walang nagawang tumuloy na siya sa loob ng building.

Ngayon ang unang araw ng bagong Chief Editor, pero hindi akalain ni Fi na sa unang araw nito ay magkakasabay pa sila sa pagpasok. Nahiling niyang sana ay inagahan pa niya ang pasok para hindi niya ito makasabay. Dahil kung nasa opisina na sila ay strictly business na lang sila, iyon kasi ang ipinangako niya sa sarili pagkatapos mapaiyak nito.

“Good morning, Sir,” she greeted dutifully.

Inalis niya ang lahat ng emosyong mayroon dapat sa kanya nang mga oras na iyon at iniharang ang barrier niya upang hindi na ulit masaktan sa anumang sasabihin nito.

Nakahinga si Fi nang maluwag nang tumango lang ang lalaki at nauna nang maglakad sa kanya papasok sa building. Wala pa noong masyadong tao dahil masyado pang maaga. Sanay siya roon dahil ganitong oras talaga ang pinipili niyang oras ng pagpasok sa opisina. Gusto rin kasi niya ang katahimikan ng opisina nila kapag mag-isa lang siya roon.

Napakunot ang noo ni Fi nang i-gesture ni Dylan na mauna siya sa pagpasok sa elevator. Agad na tinaasan niya ang emotional guard bilang paghahanda sa anumang insultong tatanggapin niya mula rito bago sumunod sa binata. Ang inakala niyang nakakabinging katahimikan sa pagitan nila ay hindi nangyari. Nagtaka pa nga ang dalaga nang ito ang bumasag sa katahimikan nang sumara ang elevator.

“I’ll expect you later in my office, Fi. And I prefer to be called by my name,” anito habang nakatalikod.

Hiniling tuloy niya na sana ay may iba pang gumamit ng elevator para hindi lang silang dalawa ang naroroon. Dati, para sa kanya ay maluwag na maluwag ang elevator kapag ginagamit niya iyon kahit na gaano

pa man karami ang taong sumasakay. Pero dahil sa presensya ng lalaki, pakiramdam niya nasa isang maliit lang siyang box at kapag may umapak doon ay masisiksik sila ni Dylan.

Tumikhim siya upang iayos ang isip. Tungkol sa opisina ang usapan kaya kailangan niyang maging businesslike. “With all due respect, Sir, I would prefer to call my superior ‘Sir’ or ‘Ma’am’. Huwag po kayong mag-alala, ipapasa ko po mamaya ang mga pending deadlines ko to give you enough work today.”

“Okay.”

Pigil ang hininga ni Fi habang hinihintay na bumukas ang elevator para sa ibang pasahero o makarating man lang sila sa kanilang palapag. Ipinagdarasal na rin niyang sana ay hindi na ito magsalitang muli. Hindi niya kasi maintindihan na sa bawat syllables na binabanggit ng lalaki ay parang lalo siyang nagiging aware sa presensya nito. Kahit na nga natural na observant siyang tao ay ngayon lang naramdaman ng dalaga ang nakakasakal na tensyon na nararamdaman niya ngayon. Mahirap ipaliwanag iyon dahil siya mismo ay hindi iyon maintindihan, basta ayaw lang niyang makasama ito sa kulob na lugar katulad ng elevator.

Siguro isa sa mga dahilan ay nawawala ang inis at sama ng loob niya kay Dylan sa bawat minutong kasama niya ito. Si Fi kasi ang tipo ng tao na hindi



madaling magpatawad kaya hindi niya alam kung bakit ngayong nakakasama niya ang binata ay parang gumagaan ang pakiramdam niya at nawawala ang sama ng loob niya rito, kahit na nga walang ginagawa si Dylan at ni hindi pa ito humihingi ng tawad sa kanya. At hindi lang basta gumagaan ang pakiramdam niya, tila nawawalan din siya ng problema ngayong kapiling niya ito. Kataka-taka para sa kanya na ganoon ang kanyang pakiramdam.

“By the way, gusto kong pag-usapan natin mamayang lunch ang tungkol sa bayarin sa kotse. I already have the receipt,” biglang sabi ng binata.

Hindi tuloy niya maiwasang mapakislot nang magsalita ito, masyado kasi siyang tensyonado kaya nagiging magugulatin siya. Nilingon siya ni Dylan na tila nagtataka sa inakto niya. “Why?”

“H-ha? Ah, wala po, Sir. May iniisip lang po akong iba kaya nagulat ako nang magsalita kayo,” pagsisinungaling ni Fi. Bakit ba kasi masyado siyang aware sa presensya nito na bigla na lang siyang nagugulat sa pagsasalita nito. “B-bakit ngayon lang po? N-nine months na po ang nakakalipas, ah,” wala sa sariling tanong niya, saka naalalang baka uminit na naman ang ulo ng lalaki sa kanya. Baka kasi isipin nitong ayaw na niya itong bayaran. “A-ano po, okay. Sa lunch na lang po. Pupunta na lang po ako sa opisina n’yo,” aniyang napatingin sa floor indicator

ng elevator. Hindi niya magawang tingnan ito, para siyang balisa na hindi niya maintindihan.

“I was busy, hindi ko na naasikasong hanapin ka pa. And no, mas gusto kong mag-dine out na lang tayo. S’abi ng mga employees at ni Mister Pol, masarap daw ang pagkain sa harap. Let’s eat there later. I’d be expecting you then,” tila pinal nang saad nito.

Napasimangot si Fi; ayaw nga kasi niya roon sa kainang iyon dahil masyadong mahal doon. Bakit ba kasi hindi muna nito itanong kung gusto niya roon bago ito mag-decide? Oo nga at sinabi niyang babayaran niya ang gastos sa kotse nitong nasira, pero hindi ibig sabihin niyon ay hindi na siya puwedeng magtipid. Sakto namang bumukas na ang elevator bago pa siya nakasagot.

Muli ay napakunot ang noo niya nang paunahin na naman siya nitong lumabas ng elevator. Well, in fairness sa lalaking ito, may tendency itong maging gentleman.

“Thank you,” mahinang usal ni Fi.

Tumango lang si Dylan nang sumunod sa kanya. “So, mamayang lunch na lang?”

Gulat na nilingon niya ang lalaki. Akala kasi niya, hindi nito hinihintay ang kanyang sagot.

“Yes. Ah, ipapasa ko pa po mamaya ’yong deadline ko so magkikita pa po tayo mamaya.”

“Right. By the way, remove the ‘po’ when you’re referring to me. Hindi pa naman ako matanda para gamitan ng ganoon.”

“Mas matanda ka naman sa ’kin, eh,” nasabi niya nang hindi nag-iisip. Napangiwi si Fi nang maalalang boss nga pala niya ito at hindi siya dapat umasta nang ganoon. Lalo na at hindi naman sila in good terms nito.

“Oo nga pala.” Biglang sumilay ang ngiti sa mga labi ng katabi.

Natulalang napatitig siya sa binata habang naglalakad ito papalayo sa kanya. Hindi niya akalaing ang isang ngiti ay malaking pagbabago ang magagawa sa isang tao. Dahil nang makita niyang ngumiti si Dylan ay tila nawala na ang impresyon niya ritong mayabang at tuod.

Tila kasi napakasaya ng amo at parang nakakahawa ang aura nitong iyon. Parang napakabait ng lalaki; na hindi nito kayang manakit, mas lalong parang hindi nito kayang magsalita ng masama sa kapwa. Siyempre hindi lang basta ang personalidad nito ang nabago sa impresyon niya rito, dahil pati ang hitsura nito ay naging talagang guwapo sa kanya.

Malaki pala talaga ang nagagawa ng ngiti sa isang tao. Dahil isang angat lang ng sulok ng labi ay tila mas gumaganda ang hitsura ng tao, umaangat yata nang

limampung beses ang kaguwapuhan ni Dylan nang ngumiti ito. Sana pala lagi na lang itong ngumingiti, para kasing hindi ito mahirap lapitan kapag ganoon.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi habang sumusunod dito.

*God, bakit po ang unfair n'yo? Bakit kailangang makaramdam ako ng ganito sa taong kinabubuwisitan ko? Bakit kailangang magka-crush ako sa antipatikong lalaking ito? Bakit parang nakakalimutan na ni heart ko na niyabangan ako nang sobra ni Dylan? Hu-hu. God, please, make everything right. Mas gusto ko pong crush si Arnel kaysa kay Dylan, eh.*

Pero mukhang hindi sumasang-ayon ang tibok ng kanyang puso. Dahil habang pinagmamasdan ni Fi ang lalaki ay patuloy naman sa pagbilis ang tibok ng puso niya para rito. Saglit pa niyang pinigil ang paghinga dahil baka marinig na nito ang lakas ng tibok ng kanyang puso. Binagalan pa niya ang paglalakad dahil mas lalo siyang naiilang lalo na at kakaiba ang kanyang nararamdaman para rito.



*Ano'ng gagawin ko kapag naging clumsy ako mamaya sa harap ni Dylan?*

Nakakahiya na ngang binangga ni Fi ang kotse ng lalaki, paano kung mas malala pa roon ang gawin niya mamaya? Paano kung matapunan niya ito ng pagkain

o kaya ay juice? Diyahe na naman ang imahe niya sa binata.

Pinoproblema niya ngayon pa lang ang sitwasyon niya mamaya. Kanina kasi nang ipasa ni Fi ang naka-pending niyang deadlines ay nautal-utal siya at nanginig pa ang mga kamay.

“Lalim ng iniisip mo, ah.”

Gulat na nilingon niya si Arnel na nakangising nakatingin sa kanya.

“Kanina ka pa ba diyan? Hindi kita namalayang dumating, ah,” napatitig ditong sabi niya.

Hindi niya maiwasang maikumpara ang dalawang crush niya ngayon. Si Arnel ay mestizong matatawag ng karamihan dahil maputi itong talaga, siguro ay dahil na rin sa malamig na klima ng Baguio. Pero hindi lang dahil maputi ito ay kaya ito guwapo sa kanyang paningin. Nakakapang-akit kasi ang mga mata nito, maging ang ngiti kaya niya ito naging crush.

Gayunpaman, kung hitsura ang pagbabasehan, para sa kanya ay lamang si Dylan.

Si Dylan kasi, kahit na kayumanggi ang kulay nito ay kahawig pa rin nito si Scott Speedman. Kung sakali man nga sigurong magkaharap ang dalawa, sa tingin niya mas guwapo si Dylan kaysa sa *Hollywood* actor. Mas na-emphasize kasi ng kulay nito ang bawat

feature ng mukha nito. Isa sa mga mas lalong naging kapansin-pansin ang matangos na ilong nitong hindi karaniwan sa mga Pilipino. May kaunting bali pa iyon, tanda ng minsan nitong pakikipagbasag-ulo.

Ang makakapal na kilay at ang kaunting balbas nito ay lalo lamang nagpatingkad sa pagiging masculine ni Dylan. At siyempre pa ang mga labi nitong mas madalang yatang ngumiti kaysa sa pagtahol ng pusa ay nagbigay ng mas lalong kaakit-akit na hitsura nito.

“Fi? Tulala ka yata ngayon, ah? Si Dylan ba ang problema? Tingin ko naman ay mabait siya, so you shouldn’t worry anymore. Tara na, lunch na,” yakag ni Arnel sa kanya na pumutol sa paglililiwaliw ng isip niya.

Tumayo na siya. Parang gusto pa nga niyang batukan ang sarili dahil sa pag-iisip kay Dylan gayong si Arnel ang nasa harapan niya.

Bakit ba lumulutang ang isip niya papunta sa Dylan na iyon? Wala itong karapatang sakupin pati na ang isip niya.

“Speaking of Dylan,” napahintong sambit ni Fi. Nawala sa isip niya na ang lunch out nga pala nila ng bagong Chief Editor ang pinoproblema niya kanina pa. “Pag-uusapan nga pala namin ’yong utang ko sa kanya. I’m sorry, nakalimutan kong sabihin sa ’yo. Mauna ka na. Naka-oo na kasi ako sa lunch kay Sir.

Mahirap na at baka isipin pa niyang tinatakbuhan ko na lang basta-basta ang utang ko. Pasensya na talaga, ha?” Humihingi ng paumanhin na ipinagsalikop pa ni Fi ang dalawang kamay at nagpapaunawang ngumiti sa kaibigan.

Gumanti ito ng ngiti at ikinulong ang magkadikit niyang kamay sa mga palad nito. “It’s okay. Pero may utang ka sa ’king dine out, ha? How about mamayang dinner? Mag-o-over time tayo hindi ba kasi biglang pasok na naman ang mga i-e-edit natin?”

Napatingala siya ng kaibigan at nagtama ang kanilang mga mata. Nabasa niya ang isang emosyon sa mga mata nito, na tila ba gusto siya nito ngunit hindi lang masabi.

Ilang sandaling inaanalisa niya ang kanyang nararamdaman. Natutuwa siyang niyaya siya nitong kumain sa labas, hindi dahil lunch time na. At nasisiyahan siyang malaman na may gusto rin ito sa kanya. Ibig sabihin lang niyon, crush pa rin niya ito. Sa isiping iyon, may ngiting lumitaw sa kanyang mga labi.

Lumawak ang ngiti ng lalaki. “I’ll take that as a ‘yes’. Mamayang dinner na lang, ha?” Bago pa man siya makasagot ay nagpaalam na nauna na si Arnel sa elevator.

Hindi tuloy maiwasang mapailing ni Fi habang

nangingiti. Gustong-gusto talaga niyang makasama si Arnel, dahil kapag kasama niya ito ay komportableng-komportable siya. Hindi katulad kay Dylan na tila siya hindi mapakali at hindi malaman kung ano ang dapat niyang gawin.

“Akala ko ba bawal ang paglalandian sa loob ng opisina?”

Gulat na nilingon niya si Dylan. Hindi alam ni Fi kung gaano na ito katagal doon. Isa lang ang malinaw: dahil sa sinabi nito, alam niyang nakita nitong magkasama sila ni Arnel.

“Sir, na-misunderstood na naman po ’ata ninyo.” Bumuntong-hininga si Fi. Medyo napapagod na rin siyang sabihin ditong disente siyang babae at hindi siya lumalandi ng mga lalaki. “Anyway, pag-usapan na natin ang tungkol sa kotse. Gusto ko nang matapos ang usapin doon para naman matapos na ang bad vibes sa ’tin. Malay ba natin, baka maging maganda ang pakikitungo natin sa isa’t isa kapag naging officemate na lang tayo at wala nang iba pang problema.”

“I get what you’re saying. Let’s go,” anitong nagpauna na.

Hindi niya maintindihan kung bakit tila pangit na naman ang mood nito. Likas ba kay Dylan ang pagiging moody? Kanina lang ay okay lang ito, nang



makisalamuha nga ito sa mga co-employees niya ay naging mabait ito katulad nang sinabi ni Arnel. Kahit nga noong nagpasa siya rito ng mga deadlines niya ay ayos lang ang pakikitungo nito sa kanya. Pero ngayon, ininsulto na nga siya nito ay tila ayaw pa siyang kausapin.

“Sir, any problem with me?” paglalakas ng loob na tanong ni Fi. Mabuti na lang at medyo late na dahil wala nang gumagamit ng elevator ngayon. Kapag kasi eksaktong twelve o bago iyon ay maraming sakay ang elevator dahil sa lunch break. Pero hindi niya alam kung tama bang sabihin niyang mabuti ngang sila lang dalawa sa loob ng kahon na iyon. Dahil ngayon ay nararamdaman na naman ni Fi ang tensyon kaninang umaga. Pero siguro ay mabuti rin iyon para kapag iinsultuhin siya ng binata ay silang dalawa lang ang makakarinig.

Napakunot-noong sinulyapan niya ang lalaki nang bumuntong-hininga ito. Napansin ng dalaga ang paggalawan ng mga muscles nito sa mukha, parang hindi talaga maganda ang timpla nito ngayong oras na ito.

“S-Sir?” nag-aalangang untag niya.

“Drop the ‘sir’ off already,” he said firmly.

Nanlaki ang mga matang napaatras si Fi palayo rito. Kahit hindi malakas ang boses ng lalaki ay

matigas ang pagkakasambit sa bawat salita para malaman niyang galit ito.

“S-sorry,” tanging nausal ng dalaga.

“Damn it,” he swore. Bumuntong-hininga ito, tila sinusubukang kontrolin ang emosyon bago humarap sa kanya. “Puwede bang tratuhin mo na lang ako na parang kaibigan? Hindi iyong parang boss mo ako. I hate it when people mix business and personal issues. So, can you do that for us?”